# *Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 3*
# *Ang Pamilya bilang Pangunahing Pangkat ng Simbahan*

***"Mula sa isang tao'y nilikha niya ang lahat ng lahi sa buong mundo. Itinakda niya sa simula't simula pa ang kani-kanilang panahon at hangganan." (Mga Gawa 17:26)***

Ang isang pamilya ay isang pangunahing pangkat ng simbahan at lipunan. Sa kabanatang ito matutunan natin mula sa pamumuhay ng mga pamilya sa Genesis, ang aklat ng pasimula. Mula sa unang pamilya ni Adam at Eva nagmula ang maraming tao ngunit iilan lamang ang nakalulugod sa Dios. Gayunpaman, mula sa henerasyon hanggang henerasyon isang pamilyang sumusunod sa Dios ay umiral, at ang mga naunang pamilyang ito ay naging pangunahin para sa Simbahan ng Dios. Ang kanilang pamilya at personal na buhay ay itinatag sa gawain ng Dios at plano ng Dios para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Sa paglipas ng panahon, pinaigting ng Dios ang pagpapalawig ng isang pamilya sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya at panustos. Mula sa isang matuwid na pamilya pinangalagaan ng Dios ang mga pamilya para sa Kanyang mismo na naging Kanyang sariling hinirang na mga tao. Mula sa isang pamilyang maka-Dios na pinalaki sa takot sa Dios, ang Dios ay maaring bumuo ng isang simbahan na may maraming kasapi. Narito ang ilan sa mga pamilya:

***A. <u>Ang pamilya ni Adam</u>:*** Nang nilikha ng Dios ang sanglibutan, Nilikha Niya ang lalaki at babae na kanyang sariling wangis at ipinagkatiwala sa kanila ang Halamanan ng Eden. Ngunit sila'y nagkasala at ang PANGINOON ay dinisiplina sila at pinalayas sila mula sa Kanyang harapan. Hindi nabanggit sa Bibliya kung si Adam at Eva ay nagsisi o hindi, ngunit ang nabanggit ay ang bahagi ng kanilang buhay bilang isang pamilya, ***"1 At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng PANGINOON. 2 At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa." (Genesis 4:1-2)***

Si Eva ay nagpatotoo na, ***"Sa tulong ng Panginoon nagkaanak ako ng lalake." (Genesis 4:1)*** Kaya't kanyang kinilala ang kabutihan ng PANGINOON sa kanyang buhay at pinangalanan niya ang kanyang unang anak na Cain. Nang sila'y lumaki na, kapwa si Cain at Abel ay iniharap ang kanilang mga handog sa Dios at ang Panginoon ay tinanggap ang handog ni Abel ngunit ang handog ni Cain sa Dios ay hindi pinuri. ***"4 Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang Dios tungkol sa kaniyang mga kaloob: at sa pamamagitan nito patay na siya ay nagsasalita pa." (Hebreo 11:4)*** Bilang bunga ng galit at paninibugho, pinatay ni Cain ang kanyang kapatid na si Abel, isang pagkakasala na naganap sa gitna ng unang pamilya sa lupa. Pinatay ni Cain si Abel. Ni hindi nabanggit kung si Adan at Eva ay dinisplina ang kanilang mga anak, o kung ang mga anak ay tumugon sa disiplina ng kanilang mga magulang. Hanggang sa panahong ito, ang nangyari sa pamilya ni Adam at Eva ay paulit ulit pa rin na nangyayari sa loob ng pamilya ng mga mananampalataya. Ang mga bata ay nag-aaway at nagkakasakitan sa isa't isa dahil sa paninibugho, at sa gayon, nagbibigay ng masamang patotoo sa mga Cristianong pamilya, sa Simbahan at sa Panginoon.

Sa huli ibinalik ng Dios ang angkan ng matuwid pagkatapos ng pagkamatay ni Abel. Pinagpala ng Dios si Adam at Eva ng isa pang anak na lalaki. ***"25 At nakilalang muli ni Adam ang kaniyang asawa; at nanganak ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan na Set; sapagka't aniya'y binigyan ako ng Dios ng ibang anak na kahalili ni Abel; sapagka't siya'y pinatay ni Cain." (Genesis 4:25)*** Si Seth ay matuwid na supling ni Adam na nagdadala ng Salita ng Katotohanan sa susunod sa henerasyon. Nang ang mga tao ay lumaki ang bilang sa lupa, walang maraming matuwid na tao na matatagpuan bagkus ang Dios mismo ay pumili ng ilang pamilya upang maitala sa kasaysayan.

***B. <u>Ang Pamilya ni Enoc</u>:*** Isang kapansin-pansin na tao mula sa supling ni Seth ay si Enoc ***"21 At nabuhay si Enoc na anim na pu't limang taon, at naging anak si Matusalem: 22 At lumakad si Enoc na kasama ng Dios, pagkatapos na maipanganak si Matusalem na tatlong daang taon, at nagkaanak ng mga lalake at mga babae: 23 At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at anim na pu't limang taon: 24 At lumakad si Enoc na kasama ng Dios: at di siya nasumpungan, sapagka't kinuha ng Dios." (Genesis 5:21-24)*** Si Enoc ay tapat na lumakad kasama ng Dios at namuhay ng isang buhay na kalugod lugod sa Dios. Ang kanyang buhay ay hamon sa lahat upang lumakad sa Dios dahil ***"5 Sa pananampalataya si Enoc ay inilipat upang huwag niyang makita ang kamatayan; at hindi siya nasumpungan, sapagka't siya'y inilipat ng Dios: sapagka't bago siya inilipat ay pinatotohanan sa kaniyang siya'y naging kalugodlugod sa Dios:" (Hebreo 11:5)***

***C. <u>Ang Pamilya ni Noe</u>:*** Ang isa pang lalaki na nagpalaki sa kanyang pamilya na sumunod sa Dios ay si Noe. ***"8 Datapuwa't si Noe ay nakasumpong ng biyaya sa mga mata ng Panginoon. 9 Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at sakdal noong kapanahunan niya: si Noe ay lumalakad na kasama ng Dios. 10 At nagkaanak si Noe ng tatlong lalake: si Sem, si Cham, at si Japhet." (Genesis 6:8-10)*** Si Noe at ang kanyang

pamilya, lahat ay walo ay ginawa ang mahusay na gawain. Ang isang pamilyang ito, na kasing laki ng simbahan, ay nagkaroon ng malaking epekto sa sanglibutan at hanggang sa araw na ito. Pinangunahan ni Noe ang kanyang pamilya sa katuwiran. Siya ay ang makaharing saserdote ng kanyang pamilya at magkakasama nilang natapos itayo ang sasakyan na nagligtas sa kanila sa pamamagitan ng baha. Sa makaDios na katangian at pagkamasunurin ay ginawa ng Dios upang iligtas sila mula sa Kanyang poot nang ipinadala Niya ang malaking baha. ***"7 Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghanda ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya." (Hebreo 11:7)*** Sa banal na takot, itinayo ni Noe ang sasakyanng dagat at naligtas ang kanyang pamilya, Bilang bunga, hinatulan niya ang sanglibutan na nasa paligid nila. ***"20 Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios, ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'y kakaunti, sa makatuwid ay walong kaluluwa, ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig:" (1 Pedro 3:20)***

Si Noe ay tagapangaral ng katuwiran. Pinangalagaan niya ang kanyang pamilya at namuhay ng matuwid. Siya ay masigasig na sumunod sa anumanng sabihin ng Dios sa kanya na gawin sa pagtatayo ng sasakyang dagat, at sa pagpapahayag ng Salita ng Dios sa mga taong nasa paligid niya. Si Noe ay nabuhay sa Salita ng Dios na kanyang tinanggap sa paraan na nagawa niyang pangunahan ang kanyang pamilya upang gawin ang sasakyang dagat. Ang pagsunod sa babala ng Dios tungkol sa pagbaha ay ang kanyang kaparaaanan upang ipangaral ang Salita ng Dios sa mga taong nasa paligid niya. At ginamit ng Panginoon ang buhay ni Noe na patotoo laban sa mga ayaw sumunod sa kanyang halimbawa. ***"5 At ang dating sanglibutan ay hindi pinatawad, datapuwa't iningatan si Noe na tagapangaral ng katuwiran na kasama ng ibang pito pa, noong dalhin ang pagkagunaw sa sanglibutan ng masasama;" (2 Pedro 2:5 KJV)*** Sa parehong paraan nais ng Dios na gamitin ka upang pangunahan ang iyong pamilya sa kaligtasan ng Dios, upang maging mabuting halimbawa sa iba upang sundan, upang hatulan nga mga tumangging itama ang kanilang mga paraan, at tutulungan ka ng Dios sa pagkamit sa iniutos Niya na na gawin mo at ililigtas ka mula sa paparating na poot.

***D. <u>Ang Pamilya ni Abraham</u>:*** Pagkatapos ng pangyayari ng pagbaha, Pinagpala ng Dios si Noe at ang kanyang mga anak na lalaki. ***"1 At binasbasan ng Dios si Noe at ang kaniyang mga anak, at sa kanila'y sinabi, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami at inyong kalatan ang lupa. 2 At ang takot sa inyo at sindak sa inyo ay mapapasa bawa't hayop sa lupa, at sa bawa't ibon sa himpapawid; lahat ng umuusad sa lupa, at lahat ng isda sa dagat, ay ibinibigay sa inyong kamay. 3 Bawa't gumagalaw na nabubuhay ay magiging pagkain ninyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay ko sa inyo." (Genesis 9:1-3 KJV)*** Mula sa pamilya ni Noe, Si Shem ay tila naging matuwid na sangay, at mula sa kanyang angkan ay nagmula si Abram at ang kanyang pamilya na tinawag ng Dios upang mabuhay ng naayon sa Kanyang kalooban. ***"1 Sinabi nga ng PANGINOON kay Abram, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo: 2 At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran: 3 At pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa. 4 Kaya't yumaon si Abram, ayon sa sinalita sa kaniya ng PANGINOON; at si Lot ay sumama sa kaniya: at si Abram ay may pitong pu't limang taon, nang umalis sa Haran. 5 Isinama ni Abram si Sarai na kaniyang asawa, at si Lot na anak ng kaniyang kapatid, at ang lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ang mga taong kanilang nakuha sa Haran; at nagsialis upang pasa lupain ng Canaan; at dumating sa lupain ng Canaan." (Genesis 12:1-5 KJV)*** Si Abram ay tumugon sa tawag ng Dios at kinuha niya ang kanyang asawa, at ang kanyang pamangking si Lot, at kumilos sa sinabi ng Dios sa kanya upang pumaroon. Ang kanyang asawa na si Sarai ay baog, gayon pa man sila'y naging isang hinirang na pamilya, sapagka't sa Dios ito ay posible para kay Abram na naniwala na maging isang ama ng bansa. ***"11 Sa pananampalataya ni Abraham kahit na siya ay matanda na at si Sara rin ay baog ay nagawang maging isang ama palibhasa'y inari niyang tapat ang nangako: 12 Kaya naman sumibol sa isa, sa kaniya na tila patay na, ang kasing dami ng mga bituin sa langit sa karamihan, at di mabilang na gaya ng mga buhanging nasa tabi ng dagat." (Hebreo 11:11-12 KJV)***

Habang si Abram at Sarai ay pinagpala ng materyal na mga ari arian sa lupa kung saan tinawag sila ng Dios na mamuhay, nakita nila ang kanilang mga sarili ng may isang suliranin. Sila'y walang anak sa gayo'y si Sarai tinugunan ang pagpili sa pagbibigay ng kanyang aliping babaeng si Agar kay Abram upang magdala ng isang anak at palakihin ang isang pamilya mula sa kanya. ***"4 At siya'y sumiping kay Agar, at naglihi: at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalang halaga niya ang kaniyang panginoong babae sa kaniyang paningin. 5 At sinabi ni Sarai kay Abram, Ang aking pagkaapi ay sumaiyo: idinulot ko ang aking alila sa iyong sinapupunan; at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalan akong kabuluhan sa kaniyang paningin: ang PANGINOON ang humatol sa akin at sa iyo." (Genesis 16:4-5 KJV)*** Ang pakikipagsiping sa ibang babae kahit na may pahintulot ng asawa ay kagaya ng pangangalunya na magdadala ng kabigatan sa pamilya. Nilikha lamang ng Dios si Eva kay Adan at ang unang tuntunin ng Dios ay hindi nagbago. Pangalawang pag-aasawa, pangalawang asawa, kabiyak, pamilya, o paghihiwalay at pagaasawang muli ay mga

anyo ng pangangalunya kaya't huwag gawin ang ganyang kasamaan. Nang si Agar ay nagdalangtao, ang kaguluhan ay nagsimulang lumawak pa at hanggang sa araw na ito, ang mga inapo ni Ismael ay inuusig ang inapo ni Isaac, ang pangakong anak kay Abram at Sarai. Ito ang sinabi ng anghel ng Panginoon kay Agar tungkol kay Ismael habang siya ay nagdadalantao sa kanya. ***"11 At sinabi sa kaniya ng anghel ng PANGINOON, Narito't ikaw ay nagdadalang-tao at ikaw ay manganganak ng isang lalake; at ang itatawag mo sa kaniyang ngalan ay Ismael, sapagka't dininig ng PANGINOON ang iyong kadalamhatian. 12 At siya'y magiging parang asnong bundok sa gitna ng mga tao; ang kaniyang kamay ay magiging laban sa lahat, at ang kamay ng lahat ay laban sa kaniya; at siya'y tatahan sa harap ng lahat niyang mga kapatid." (Genesis 16:11-12 KJV)*** Hanggang sa ngayon, ang mga di mananampalatayang supling ni Ismael ay inuusig ang mga tagasunod ni JesuCristo. Bagamat si Abram ay sumunod sa Dios nang inutusan siya ng Panginoon upang paalisin si Agar kasama ng kanyang anak na si Ismael, ang nakakapinsalang epekto ng paggawa ng mga bagay labag sa Salita ng Dios ay dumaan sa kanyang mga supling, kahit sa kanyang mga inapo sa pananampalataya. Tiyak kung alam lamang ni Abram ang katotohanan na ang masamang epekto ng kanyang kaugnayan kay Agar ay nagpatuloy hanggang sa ngayon sa simbahan ng Dios, hindi niya ginawa ito. Gayunpaman tinupad ng Dios ang Kanyang sinalita tungkol sa kanya. ***"18 Dangang si Abraham ay tunay na magiging isang bansang malaki at matibay, at pagpapalain sa kaniya ang lahat ng bansa sa lupa? 19 Sapagka't siya'y aking kinilala, upang siya'y magutos sa kaniyang mga anak at sa kaniyang sangbahayan pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng PANGINOON, na gumawa ng kabanalan, at kahatulan; upang padatnin ng Panginoon, kay Abraham ang kaniyang ipinangako tungkol sa kaniya." (Genesis 18:18-19)*** Sa wakas, si Sarai ay nanganak ng isang bata at ipinanganak si Isaac sa matandang gulang ni Abraham. Kaya't kailangan mong sumunod sa Dios at huwag gawin ang iyong pansarili. Nais ng Dios na magtiwala ka dahil sa itinakdang panahon darating Siya upang pagpalain ka. Pinalaki ni Abraham ang kanyang anak sa takot sa Panginoon, at si Isaac ay lumaki ng may katulad na pananampalataya katulad ng kanyang ama. ***"21 Hindi baga ang ating amang si Abraham ay inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa kaniyang inihain si Isaac na kaniyang anak sa ibabaw ng dambana? 22 Nakikita mo na ang pananampalataya ay gumagawang kalakip ng kaniyang mga gawa, at sa pamamagitan ng mga gawa ay naging sakdal ang pananampalataya; 23 At natupad ang kasulatan na nagsasabi, At si Abraham ay sumampalataya sa Dios, at yao'y ibinilang na katuwiran sa kaniya; at siya'y tinawag na kaibigan ng Dios." (Santiago 2:21-23)*** Sinubok ng Panginoon ang pananampalataya ni Abraham nang inutusan siya ng Dios upang ihandog ang kanyang isa at pinakamamahal na anak, si Isaac. Kapwa ang ama at ang anak ay handang sumunod sa Dios. ***"9 At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy. 10 At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak." (Genesis 22:9-10)*** Hanggang sa puntong ito ay kapwa silang handang sumunod sa utos ng Dios at yaon ang nagbigay ng isang malinaw na larawan ng katuwiran sa mga taong nakapalibot sa kanila at sa sanglibutan hanggang sa ngayon. Kaya at sa parehong paraan gusto ng Dios na sundin mo Siya, pakinggan ang Kanyang tinig, at ganap na sumunod sa Kanya at sanayin ang iyong sarili at ang iyong pamilya na anumang hilingin Niya sa iyo ay kailangan mong ibigay sa Kanya.

***E. Ang Pamilya ni Lot:*** Ang pamangkin ni Abraham, si Lot ay kasama niyang umalis mula sa Haran, ngunit sa gayo'y pinagpala silang pareho ng Panginoon, mayroong ilang pag aaway at hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng alipin ni Lot at Abraham na nagtapos sa kanilang paghihiwalay. Ngunit si Lot ay gumawa ng isang maling desisyon na naninirahan sa bayan ng Sodoma at Gomorra sapagkat ang lugar ay puno ng kasamaan at inilagay niya ang kanyang sarili at kanyang pamilya sa panganib. ***"At nangyari, na nang gunawin ng Dios ang mga bayan ng Kapatagan, na naalaala ng Dios si Abraham, at pinalabas si Lot, mula sa gitna ng pinaggunawan, nang gunawin ang mga bayan na kinatitirahan ni Lot." (Genesis 19:29)*** Tumatakbo palayo para sa kanilang buhay. Si Lot ay desididong sumunod sa utos ng Dios. Hindi siya nahikayat sa pumumuhay ng mga tao sa Sodoma at Gomorra. Ngunit ang asawa ni Lot ay lumingon at naging haliging asin. Si Lot ay nanirahan at nabuhay sa natitirang bahagi ng kanyang buhay sa mga bundok. ***"30 At sumampa si Lot mula sa Zoar at tumira sa bundok, at ang kaniyang dalawang anak na babae na kasama niya; sapagka't siya'y natakot na tumira sa Zoar: at siya'y tumira sa isang yungib, siya at ang kaniyang dalawang anak na babae. 31 At sinabi ng panganay sa bunso: Ang ating ama ay matanda, at walang lalake sa lupa na sumiping sa atin, ayon sa ugali ng sangkalupaan: 32 Halika, painumin natin ng alak ang ating ama, at tayo'y sumiping sa kaniya; upang mapalagi natin ang binhi ng ating ama. 33 At pinainom nila ng alak ang kanilang ama ng gabing yaon: at pumasok ang panganay at sumiping sa kaniyang ama; at hindi naalaman, ng ama nang siya'y mahiga ni nang siya'y magbangon. 34 At nangyari nang kinabukasan, na sinabi ng panganay sa bunso. Narito, ako'y sumiping kagabi sa aking ama; painumin din natin ng alak sa gabing ito; at pumasok ka, at sumiping ka sa kaniya; upang mapalagi natin ang binhi ng ating ama. 35 At pinainom din nila ng alak ang kanilang ama ng gabing yaon: at nagtindig ang bunso, at sumiping sa ama; at hindi naalaman ng ama nang siya'y mahiga, ni nang siya'y magbangon. 36 Sa ganito'y kapuwa nagdalangtao ang mga anak ni Lot sa pamamagitan ng kanilang ama. 37 At nanganak ang panganay ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang ngalang Moab: na siya ngang ama ng mga Moabita, hanggang sa araw na ito. 38 At ang bunso ay nanganak din ng isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalang Ben-ammi: na siya***

***ngang ama ng mga anak ni Ammon, hanggang ngayon." (Genesis 19:30-38)*** Si Lot at ang kanyang dalawang anak na babae ay naligtas mula sa sakuna, ngunit ang iba pang bagay na nakakahiya ay nangyari sa pamilya ni Lot dahil sa pagiging lasing sa alak, pagpapabaya at pagnanasang magkaanak. Ang gawa ng immoralidad ay nakuha mula sa bayan ng Sodoma at Gomorra ay nakasama at nakasira sa imahe ng Dios sa pamilya ni Lot. Ito ang kinasapitan ng masamang impluwensya at kawalan ng makaDios na disiplina sa buhay ng kanyang mga anak. Sa kabilang banda, si Lot ay pinalaki ni amang Abraham, at siya ay nananatiling matuwid na tao gaya ng binanggit sa isinulat ni Pedro: ***"6 At pinarusahan niya ng pagkalipol ang mga bayan ng Sodoma at Gomorra na pinapaging abo, nang maging halimbawa sa mga magsisipamuhay na masama: 7 At iniligtas ang matuwid na si Lot, na lubhang nahahapis sa mahahalay na pamumuhay ng masasama: 8 (Sapagka't ang matuwid na ito na namamayang kasama nila, ay lubhang nahapis araw-araw ang kaniyang matuwid na kaluluwa sa pagkakita at pagkarinig niya, ng mga gawa nilang laban sa kautusan)." (2 Pedro 2:6-8)*** Kaya, lumayo agad mula sa masasamang kapaligiran at masasamang lugar upang ang iyong pamilya at mga anak ay hindi maapektuhan, mahawa, at malugmok sa kasalanan.

***F. <u>Ang Pamilya ni Isaac</u>:*** Si Abraham ay nabuhay ng 175 na taon at nakita ang pamilya ng kanyang anak na si Isaac. Pagkatapos ng pagkamatay ni Sarai, inutusan ni Abraham si Isaac na huwag bumalik sa bayan ng Haran upang kumuha ng asawa. Sa halip, pinayuhan niya ang kanyang alipin, na ang babaeng para kay Isaac, ay dapat handang iwanan ang sangbahayan ng kanyang ama at pumunta kung saan inilagay ng Dios si Isaac. ***"6 At sinabi sa kaniya ni Abraham, Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak. 7 Ang PANGINOON, ang Dios ng langit, na kumuha sa akin sa bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan, at sa akin ay nagsalita, at sa akin ay sumumpa, na nagsasabi, Sa iyong binhi, ibibigay ko ang lupaing ito: ay magsusugo siya ng kaniyang anghel sa unahan mo, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak. 8 At kung ang babae ay ayaw sumama sa iyo, ay maliligtas ka rito sa aking sumpa; huwag mo lamang pabalikin ang aking anak doon." (Genesis 24:6-8)*** Ang aliping may pananampalataya sa Panginoong Dios sa kanyang panginoong si Abraham ay umalis para sa misyon upang kumuha ng isang asawa para kay Isaac, at ang Panginoon ay gumawa ng paraan at ipinadala ang isang angkop na asawa, si Rebeka para kay Isaac. ***"67 At dinala siya ni Isaac sa tolda ni Sara na kaniyang ina, at ipinagsama si Rebeca, at naging kaniyang asawa: at kaniya namang sininta: at naaliw si Isaac, pagkamatay ng kaniyang ina." (Genesis 24:67)*** Si Rebeka ay baog ngunit si Isaac ay nananalangin para sa kanya at sila'y naging magulang ng kambal na lalaki, si Esau at si Jacob. Siguradong si Isaac at si Rebeka ay tinuruan ang kanilang mga anak tungkol sa mga paraan ng Panginoon lalo na sa pagbuo ng pamilya. Ngunit si Esau na siyang panganay sa huli'y nagasawa sa dalawang hitanong babae at yaon ay nagpadalamhati sa mga magulang. ***"34 At nang si Esau ay may apat na pung taon ay nagasawa kay Judit, na anak ni Beeri na Heteo, at kay Basemat na anak ni Elon na Heteo: 35 At sila'y nakasama ng loob kay Isaac at kay Rebeca." (Genesis 26:34-35) "46 At sinabi ni Rebeca kay Isaac, Ako'y yamot na sa aking buhay, dahil sa mga anak na babae ni Heth: kung si Jacob ay magasawa sa mga anak ni Heth na gaya ng mga ito, ng mga anak ng lupaing ito, ano pang kabuluhan sa akin ng aking buhay?" (Genesis 27:46)*** Ang pagaasawa sa isang hindi mananampalataya o isang asawa na hindi pinili ng Dios ay labag sa kalooban ng Dios, dahil ang layunin tungkol sa pagaasawa ay magtayo ng isang makaDios na mga anak. Nais ng Dios na mapanatili ang isang henerasyon upang parangalan Siya at upang maging Kanyang bayan at simbahan. Ngunit dinalamhati ni Esau ang Dios. Ipinagbili niya ang kanyang pagkapanganay kay Jacob para sa isang pagkain lamang sapagkat siya ay gutom. Siya ay nag asawa sa babaeng di kilala ang Dios. Hindi iginalang ni Esau ang Panginoon at hindi nagsisi sa kanyang kasalanan at pagsuway. Ang kinasapitan ay alinman siya o ang kanyang mga anak ang sumunod sa Dios. ***"15 Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Dios; baka kayo'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami; 16 Baka magkaroon ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay. 17 Sapagka't nalalaman ninyo na bagama't pagkatapos ay ninanasa niyang magmana ng pagpapala, siya'y itinakuwil; sapagka't wala na siyang nasumpungang pagkakataon ng pagsisisi sa kaniyang ama, bagama't pinagsisikapan niyang mapilit na lumuluha." (Hebreo 12:15-17)*** Kaya't makinig sa mensahe at huwag abusuhin ang biyaya ng Dios at magkasala laban sa Kanya dahil sa huli'y ikaw at ang iyong mga supling ay aalisin palayo sa Dios.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Habang tayo ay hinahamon na bumuo ng mga maka-Dios na pamilya, maganyak at matuto tayo sa mabubuting bagay mula sa mga pamilyang tinalakay at pinalawak sa mensaheng ito at iwasan ang paggawa ng parehong mga pagkakamali at kakulangan na pinagdaanan nila tulad nina Adan at Eva. Mag-asawa tayo sa kung sino ang inihanda ng Dios para sa atin tulad ni Isaac, at itaguyod natin ang ating mga anak at palakihin sila sa takot sa Dios. Lumakad tayo kasama ng Dios tulad ni Enoc, at gawin natin ang Kanyang iniutos tulad ni Noe sa paggawa ng sasakyang dagat, iniligtas ang kanyang pamilya at hinatulan ang mundo ng kasamaan. Maghintay tayo sa Dios at iwasang gumawa para sa pansarili natin, at iwasan natin ang ideya ng ikalawang pag-aasawa tulad ni Abram sa anumang dahilan habang buhay pa ang unang asawa. Iwasan natin ang pagtira sa mga mapanganib na lugar tulad ni Lot na nagdulot sa kanya ng mabigat na kaparusahan at iwasan natin ang pakikipag-asawa sa mga hindi mananampalataya tulad ni Esau.

Nagiging matuwid tayo sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. Kaya't ipagkaloob natin sa ating sarili na patuloy na

mamuhay sa kabanalan at tuparin ang kalooban at layunin ng Dios. Makipagtulungan tayo sa Dios upang itaguyod ang Kanyang simbahan, pangunahan ang ating mga pamilya at mga anak sa pagkatakot sa Kanya, ituro sa kanila ang Kanyang Salita at ipagpatuloy ang paggawa nito hanggang sa dumating si Cristo upang kunin tayo kasama Niya sa Langit. Manalangin tayo … .

***Ang Aking Panalangin:*** *Ama Dios, ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagpakita sa akin ng iba't ibang mabubuting halimbawa ng mga pamilya sa Bibliya at ng mga magagandang bagay na natutunan ko mula sa kanila at kung ano ang aking dapat iwasan. Panginoon, salamat sa lahat ng paalala at babala na natanggap ko sa mensaheng ito para sa aking ikabubuti.*

*Lumapit ka ngayon sa Dios at ipagtapat ang iyong mga kasalanan. Ipagtapa at talikuran ang iyong pagsuway sa mga utos ng Dios, ang iyong katigasan ng puso, ang naantalang pagsunod, at paggawa ng iyong sariling kagustuhan at plano. Ipagtapa at talikuran ang iyong maling mga prinsipyong ginagamit sa pagsisimula ng mga pag-aasawa na hindi nakabatay sa Salita ng Dios kundi sa mga prinsipyo at damdaming makalupa. Ipagtapa ang kakulangan mo ng takot sa Dios, ang hindi kahandaan na maghintay sa pagpili ng Dios sa iyong buhay, ang iyong masamang pangangasiwa, at ang kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin. Ipagtapa at talikuran ang iyong makalupang pag-iisip, ang iyong pagmamahal sa mundo, ang iyong pagkakagapos at pag-aaksaya ng oras kasama ang mga hindi mananampalataya at kaibigan, at pagkakagapos sa Media, Balita at laro. Ipagtapa at talikuran ang iyong masamang halimbawa at ang iyong hindi kahandaan na paglingkuran ang Dios at gawin ang mabubuting gawa na inihanda Niya nang maaga para sa iyo. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ____________________________.*

*Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay sa pagkatakot sa iyo, na lumakad ng tapat kasama mo at itatag ang mismong bagay na nais mong itatag ko at maingat na sundin ang iyong mga tagubilin. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na huwag gumawa ayon sa aking sarili kundi maghintay sa iyo. Panginoon, bigyan mo ako ng pananampalataya, kahinahunan, at pagtitiyaga hanggang sa dumating ka at pagpalain ako at tuparin ang iyong mga pangako sa akin.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nakapagsisi sa kanilang mga kasalanan, at ipinagkatiwala ang kanilang sarili na sundin ang aral ng iyong Salita at sundin ang mabuting halimbawa ng mga maka-Dios na pamilya na natutunan namin sa Banal na Kasulatan. Panginoon, pangalagaan mo sila at suportahan upang maging mabuting halimbawa para sa iba na kanilang sundan.*

*Panginoon, pagpalain o kami bilang iyong simbahan habang ipinagkakaloob namin ang aming sarili na ipagpatuloy ang pagtuturo sa aming mga miyembro at manggagawa ng iyong Salita at ipatupad ito sa kanilang mga buhay at sa buhay ng kanilang mga pamilya. Panginoon, tulungan mo kami na malampasan ang lahat ng mga laban na aming kinakaharap. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban ng mga espiritwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy sa pangangaral, gumawa ng mga bagong disipulo at magsanay ng mga bagong manggagawa upang pumunta at magtatag ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa ng pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakita. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 3. Ang Pamilya Bilang Pangunahing Pangkat ng Simbahan. Mga Gawa 17:26. Genesis 4:1-2. Hebreo 11:4. Genesis 4:25. Genesis 5:21-24. Hebreo 11:5. Genesis 6:8-10. Hebreo 11:7. 1 Pedro 3:20. 2 Pedro 2:5. Genesis 9:1-3. Genesis 12:1-5. Hebreo 11:11-12. Genesis 16:4-5. Genesis 16:11-12. Genesis 18:18-19. Santiago 2:21-23. Genesis 22:9-10. Genesis 19:29. 2 Pedro 2:6-8. Genesis 24:6-8, 67. Genesis 27:46. Hebreo 12:15-17.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com